

# GREATER THINGS

## BAHAGI 3: Sali na

### PANIMULA

Gusto nating lahat na makamit ang mga mas higit pang mga bagay sa buhay pero kadalasan, sa pakiramdam natin, hindi natin kayang abutin ang mga ito. Maaaring nasubukan mo na ito noon pa, pero ni hindi ka umabot sa unang hakbang o sa pag-umpisa pa lang. Para bagang wala kang tiket/pases para abutin ang mga ito.

Ang magandang balita, ini-upgrade na ng Diyos ang tiket mo sa buhay. Mayroon ka nang tiket/pases tungo sa mga mas higit pang mga bagay sa buhay. Inaanyayahan Niya tayong sumama at makituwang sa Kanya para sa pagpapaganda ng ating mundo.

### TANONG TALAKAYAN

#### GISINGIN/PUKAWIN

1. Naranasan mo na ba na hindi ka makapasok sa isang lugar dahil walang paraan na mapasok mo ito? Ibahagi sa grupo ang iyong karanasan. Ano ang naramdaman mo sa nangyari?
2. May mga pangarap ka ba sa buhay na sa tingin mo ay mahirap makamtan? Bakit mo naisip na malayo ka pa sa pag-abot ng mga pangarap na ito?

#### MAKIAYON

3. Basahin ang Efeso 3:20-21. Ano ang sinasabi nito tungkol sa kakayahan ng Diyos? Ano ang kaya Niyang gawin? Paano Niya ginagawa ito?
4. Mayroon ka bang daan tungo sa kapangyarihan ng Diyos? Paano mo ito maaabot? Ano ang magpapasya kung gaano kalaki ang kapangyarihang mananalaytay sa iyong buhay?
5. Kumusta ang puso mo ngayon? Tantiyahin kung ilang porsyento nito ang nais mong maimpluwensyahan ng Diyos: 1-100%?
6. Aling bahagi ng buhay mo ang nangangailangan nang mas higit pang pag-ibig at kapangyarihan ng Diyos?
7. Basahin ang Awit 115:16. Sino ang may-ari ng mundo? Sino ang responsable sa mga nangyayari at mga hindi nangyayari sa mundo, ang Diyos ba o ang tao?
8. Sa iyong pananaw, may kakayahan ba o kapangyarihan tayong mga tao para baguhin ang mundo para sa ikakabuti nito? Paano natin ito magagawa?

#### GAWIN

9. Ibahagi ang mga pangarap sa grupo. (Ano ang nasa puso ng Diyos para sa iyong pamilya? Sa iyong trabaho? Sa iyong paaralan? Sa iyong bayan o lungsod? Sa iyong bansa?)
10. Ipanalangin ang bawat isa na ang pagmamahal, kapangyarihan, at kakayahan ng Diyos ay kumilos sa isa't-isa.

### PAGSULONG

Nasa ating mga kamay ang hinaharap ng ating mundo. Ibinigay ng Diyos sa atin ang pamamahala nito. Panahon na para mamuno. Panahon na upang paghariin natin ang Diyos sa ating mga puso upang mapag-ibayo ang kapangyarihan ng Diyos na ibinigay Niya sa atin bilang mga anak Niya. Sa gayon, magagawa nating mapamunuan ang mundong ipinagkaloob Niya sa atin.

### PAGPAPANIBAGO NG ISIP

*Sa Diyos na magagagawa nang higit kaysa lahat ng maaari nating hilingin at isipin, sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihang naghahari sa atin—sumakanya ang kapurihan sa pamamagitan ng iglesya at ni Cristo Jesus magpakailanman! Amen. Efeso 3:20-21*